IJARSCT
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
ISSN: 2581-9429
Volume 5, Issue 1, July 2025
Impact Factor: 7.67

# Pag Lilikum-Salin Ng Mga Kuwentong Bayan Ng Mga Dinagatnon Bilang Lunsaran Sa Pagtuturong Lokalisasyon

**Mangubat, Estrellita R., Serdan, Geraldine A.**
Surigao Del Norte State University, Philippines

**Abstract:** *Ang pananaliksik na ito ay tumatalakay sa dokumentasyon, pagsusuri, at pagsasalin ng mga kuwentong-bayan ng mga Dinagatnon mula sa dalawang piling munisipalidad sa lalawigan ng Dinagat Islands—ang Dinagat at San Jose. Layunin ng pag-aaral na ito na maisalba, mapreserba, at mapayabong ang lokal na panitikan ng lalawigan upang magamit sa lokalisadong pagtuturo ng panitikan sa mga paaralan, lalo na sa antas ng batayang edukasyon. Gumamit ang pananaliksik ng kwalitatibong disenyo at pananaliksik-etnograpiko upang makalap ang mga datos mula sa mga tagapagsalaysay sa mga barangay ng Cab-ilan, Cuarinta, Don Ruben, Matingbe, Santa Cruz, at San Jose. Sa pagsusuri ng mga nakalap na kuwento—tulad ng mga alamat ng Pulo ng Cab-ilan, Isla ng Dinagat, at mga salaysay tulad ni Dr. Laway at ng Punong Puyange—naipakita ang mayamang kabihasnang kultural, paniniwala, at pananampalataya ng mga mamamayan. Isinagawa rin ang pagsasalin ng mga kuwentong ito mula sa Filipino tungo sa wikang Dinagatnon upang lalo pang mapalapit sa puso ng lokal na komunidad ang mga kuwentong kinagisnan nila.*

*Bilang kongkretong output, inihain ng pag-aaral ang potensyal ng mga kuwentong ito bilang materyales sa pagtuturo na nakabatay sa kultura. Ipinapakita ng pananaliksik na ang mga kuwentong-bayan ay mabisang tulay tungo sa makabuluhang edukasyong lokal at pambansa.*

**Keywords***:* Kuwentong-bayan, Dinagatnon, panitikang lokal, pagsasalin, edukasyong lokalisado